


# MTB-MLE

## Unang Markahan – Modyul 7: Pagbasa ng Salitang may Kambal-katinig at Diptonggo





**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**

**Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 7: Pagbasa ng Salitang may Kambal-katinig at Diptonggo  
Unang Edisyon 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot ng mga manunulat at tagapaglathala.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Loreta S. Bermudo

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla at Marie Ann C. Ligsay

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy at Arnold A. Montemayor

**Tagaguhit:** Lynzee A. Monta

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong

Librada M. Rubio

Ma. Editha R. Caparas

Nestor P. Nuesca

Merlinda T. Tablan

Ellen C. Macaraeg

Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

## MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 7:  
Pagbasa ng Salitang may  
Kambal-katinig at Diptonggo

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makababasa ng mga salitang may kambal-katinig at diptonggo.



## *Subukin*

Panuto: Isulat ang **Tama** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at **Mali** naman kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang salitang kamay at bahay ay salitang magkasintunog.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang mga salitang plorera, globo, braso ay ilan lamang sa halimbawa ng salitang may kambal-katinig.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang kambal-katinig ay mga salitang may pinagsamang tunog.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang mga salitang sitaw, sisiw, tulay at kahoy ay halimbawa ng mga salitang may diptonggo.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang mga salitang agiw, araw, palay at baboy ay halimbawa ng salitang kambal-katinig.

## Pagbasa ng Salitang may Kambal-katinig at Diptonggo

Ang kambal-katinig ay tinatawag ding klaster. ay tumutukoy sa mga salitang may magkadikit na magkaibang katinig na nasa iisang pantig. Ito ay maaaring matagpuan sa unahan o hulihan ng salita.

Ang diptonggo ay binubuo ng patinig na sinusundan ng malapatinig na /y/ o /w/ sa loob ng isang pantig. Ito ay mga salitang nagtatapos ng: aw, iw, ay, ey, oy at uy.

Sa araling ito, tutulongan kang mahasa ang iyong kakayahan sa pagbasa nang wasto at may lubos na pag-unawa sa mga salitang may kambal-katinig at diptonggo.



### *Balikan*

Panuto: Piliin sa kahon ang angkop na kambal-katinig at diptonggo upang mabuo ang salitang ginamit sa pangungusap.

kl	ay	pr	iw	ts	dr
----	----	----	----	----	----

1. Ang \_\_\_ima sa bagyo ay malamig.
2. Bagong gawa ang bah\_\_\_ namin sa probinsya.
3. Suot na ni Edna ang kanyang bagong \_\_\_inelas.
4. Ang \_\_\_ayber na si Mang Renato ay maingat magmaneho.
5. Ang alagang manok ni Aling Belen ay maraming sis\_\_\_.



*Tuklasin*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang kuwento.

## Ang Batang Si Ovid

Loreta Salazar - Bermudo



Nasa ikalawang baitang si Ovid. Siya ay pitong taong gulang. Mahilig siyang gumuhit at maglaro. Gamit ang kanyang krayola sa pagkukulay sa mga ginuhit niya. Trak, tren at trumpo naman ang hilig niyang paglaruan.

Nag-aaral siyang mabuti ng kanyang leksiyon kaya matataas na grado ang kanyang nakukuha.

Araw-araw, siya ay kumakain ng gulay, prutas at umiinom ng gatas upang siya ay lumakas. Inaalagaan din niya ang kanyang mga alagang hayop tulad ng sisiw at baboy. Minsan ay inaaya rin siya ng kanyang mga kalaro na maglaro sa plasa. Iyan ang batang si Ovid na mahal na mahal ng kanyang nanay at tatay.





## *Suriin*

Panuto: Isulat ang tamang sagot.

1. Tungkol saan ang binasa mong kuwento?
2. Ano-anong mga salita ang may salungguhit sa kuwentong iyong binasa?
3. Ang salitang trak, trumpo at tren ba ay halimbawa ng salitang may kambal-katinig?
4. Ang mga salitang gulay, baboy, nanay, tatay at sisiw ay mga salita bang may diptonggo?
5. Alin sa grupo ng mga salita ang kambal-katinig?  
( plasa          bata          bola          kulay )




### Mga Tala para sa Guro

Gabayan ang mag-aaral sa pagbasa nang maayos sa mga salita.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga salitang may kambal-katinig at diptonggo.

Halika, subukan mong basahin.

<u>pl</u>	<u>kl</u>	<u>gl</u>	<u>dr</u>	
plasa	klase	globo	drayber	
plorera	klima	Glenda	dram	
plato	klaro	Gloria	drakula	
plastik	klinika	Glaiza	drama	
plaka	kliyente	Glorden	drebol	
<u>br</u>	<u>gr</u>	<u>kr</u>	<u>tr</u>	
braso	grasya	krayola	trumpo	
bruha	gripo	krema	trak	
brusko	grado	krisis	traysikel	
kobra	grupo	krus	tren	
Brenda	granada	krudo	torso	
<u>pr</u>	<u>dy</u>	<u>ts</u>	<u>aw</u>	
presyo	dyanitor	tsaa	agaw	
premyo	dyaket	tsismosa	araw	
prutas	dyip	tsokolate	dalaw	
produkto	dyaryo	tsinelas	galaw	
prito	dyamante	tsamporado	kalabaw	
<u>iw</u>	<u>ay</u>	<u>ey</u>	<u>oy</u>	<u>uy</u>
agiw	abay	beybi	apoy	baduy
aliw	batay	Leyte	baboy	aruy
paksiw	kamay	reyna	kahoy	huy
saliw	nanay		kasoy	
sisiw	tatay			



## Pagyamanin

### Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Pagtapatin ang larawan at salita.  
Isulat ang titik ng tamang sagot.

A

\_\_\_\_\_ 1. trak




\_\_\_\_\_ 2. tulay

\_\_\_\_\_ 3. prutas

\_\_\_\_\_ 4. baboy

\_\_\_\_\_ 5. trumpo



B



## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Piliin mula sa kahon ang angkop na salita sa bawat larawan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

gripo	palay
krayola	kamay
dram	plorera








## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Bilugan ang salitang may kambal-katinig o diptonggo sa grupo.

- |            |         |       |
|------------|---------|-------|
| 1. palayok | tatay   | baso  |
| 2. grado   | mesa    | lapis |
| 3. papel   | bataw   | puno  |
| 4. kurtina | sapatos | klase |
| 5. kawali  | asukal  | gulay |

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin ang tamang salita para sa bawat larawan.

1.  = ( pamaypay      krus      pako      )
2.  = ( plato      presko      prito      )
3.  = ( grado      braso      anahaw      )
4.  = ( globo      plantsa      dram      )
5.  = ( drama      tsinelas      dyaket      )

## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Isulat ang **K** kung ang pares ng salita ay may kambal-katinig at **D** kung diptonggo.

- \_\_\_\_\_ 1. nanay – kahoy
- \_\_\_\_\_ 2. grado – grasa
- \_\_\_\_\_ 3. Gloria – Brenda
- \_\_\_\_\_ 4. sayaw – sisiw
- \_\_\_\_\_ 5. promo - presyo






## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang salitang may kambal – katinig o diptonggo.

1. Ang globo ay larawan ng mundo.
2. Ang pambansang dahon ay anahaw.
3. Ang paborito kong prutas ay mansanas.
4. Si Glenda ay mabait na bata.
5. Malalaki ang mga bahay sa bayan.

## Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin at isulat ang angkop na kambal-katinig o diptonggo upang mabuo ang salitang kaugnay ng larawan.

1.  = gul \_\_\_\_ ( pr ay kr )
2.  = \_\_\_\_ ayola ( gl oy kr )
3.  = \_\_\_\_ asa ( pl bl pr )
4.  = \_\_\_\_ obo ( kr tr gl )
5.  = kas \_\_\_\_ ( oy pl iw )

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) kung ang mga salita ay may kambal-katinig at ekis ( ✕ ) naman kung ito ay salitang may diptonggo.

\_\_\_\_\_ 1. reyna

\_\_\_\_\_ 4. Brenda

\_\_\_\_\_ 2. pamaypay

\_\_\_\_\_ 5. Sitaw

\_\_\_\_\_ 3. presyo



### *Isaisip*

Panuto: Punan ang patlang.

Ang mga salitang mayroong \_\_\_\_\_  
na magkasama sa isang pantig ay tinatawag na  
\_\_\_\_\_.

Ang \_\_\_\_\_ ay binubuo ng patinig na  
sinusundan ng \_\_\_\_\_ na /y/ o /w/ sa loob ng  
isang pantig. Ito ay mga salitang nagtatapos ng: \_\_\_\_\_,  
\_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, at \_\_\_\_\_.



## *Isagawa*

Panuto: Sagutan ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Sino ang nagpapasaya sa ating pamilya?  
A. anak                      C. drama  
B. gatas                      D. globo
- \_\_\_\_\_ 2. Ano ang sinasakyan upang mabilis mong marating ang iyong pupuntahan?  
A. braso                      C. plato  
B. traysikel                      D. trumpo
- \_\_\_\_\_ 3. Anong pagkain ang masustansiya at pampahaba ng buhay?  
A. gulay                      C. kendi  
B. sitsirya                      D. de bote
- \_\_\_\_\_ 4. Sino ang tinutukoy na anak na babae ng isang hari?.  
A. prinsesa                      C. duke  
B. reyna                      D. prinsepe
- \_\_\_\_\_ 5. Ano ang matamis at paboritong kainin ng mga bata?  
A. ampalaya                      C. kamote  
B. isda                      D. tsokolate





## *Tayahin*

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na salitang may kambal-katinig upang mabuo ang pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

dram	kahoy	drayber
agiw	trak	trumpo

1. Paboritong paglaruan ni Boboy ang \_\_\_\_\_.
2. Ang \_\_\_\_\_ na yantok ay matibay.
3. Ang \_\_\_\_\_ ay pinag-iimbakan naming ng tubig.
4. Ang \_\_\_\_\_ ay ginagamit na panghakot ng graba, bato at buhangin.
5. Ang kubo ay maraming \_\_\_\_\_.



## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Bumuo ng pangungusap gamit ang sumusunod na kambal-katinig o diptonggo.

1. trabaho
2. nanay
3. bahay
4. plastik
5. kalabaw



# Susi sa Pagwawasto

	<p><b>Subukin</b></p> <p>1. Tama 2. Tama 3. Tama 4. Tama 5. Mali</p>	<p><b>Balikin</b></p> <p>1. ki 2. ay 3. ts 4. dr 5. iw</p>	<p><b>Subukin</b></p> <p>1. Tama 2. Tama 3. Tama 4. Tama 5. Mali</p>
<b>Pagymamin</b>			
<p><b>Pinatnubayang Pagtatasa 2</b></p> <p>1. pamaypay 2. plato 3. anahaw 4. plantsa 5. tsinelas</p>	<p><b>Pinatnubayang Pagtatasa 2</b></p> <p>1. tatay 2. grado 3. batay 4. klase 5. gulay</p>	<p><b>Pinatnubayang Pagtatasa 1</b></p> <p>1. plorera 2. kamay 3. krayola 4. gripo 5. palay</p>	<p><b>Pinatnubayang Pagtatasa 1</b></p> <p>1. D 2. E 3. B 4. C 5. A</p>
<p><b>Malayang Pagtatasa</b></p> <p>1. x 2. x 3. ✓ 4. ✓ 5. x</p>	<p><b>Malayang Pagtatasa</b></p> <p>1. ay 2. kr 3. pl 4. gl 5. oy</p>	<p><b>Malayang Pagtatasa</b></p> <p>1. globo 2. anahaw 3. prutas 4. Glenda 5. bahay</p>	<p><b>Malayang Pagtatasa</b></p> <p>1. D 2. K 3. K 4. D 5. K</p>
	<p><b>Karagdagang Gawain</b></p> <p>(Surin at itama ang mga pangungusap na isulat ng mag-aaral).</p>	<p><b>Tayahin</b></p> <p>1. trumpo 2. kahoy 3. dram 4. trak 5. agiw</p>	<p><b>Isagawa</b></p> <p>1. A 2. B 3. A 4. A 5. D</p>

## *Sanggunian*

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)